

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Saliksikin ang lasa mula sa buong mundo, nang lokal: inilulunsad ng Lungsod ng Brampton ang Gabay sa Pagkain sa Brampton

BRAMPTON, ON (Marso 1, 2021) – Global na hinihikayat at lokal na itinatag, ang [Gabay sa Pagkain sa Brampton](#) ay makikita na ngayon online!

Ang Gabay sa Pagkain sa Brampton ay nagtatampok ng 54 na restawran at mga market at nag-highlight sa Pinakamasarap na mga Pagkain sa Lungsod, mga Paborito ng lokal na Chef, Burger Tour ng Brampton at mga rekomendasyon mula sa mga influencer ng lokal ng pagkain, kabilang sina:

- Andria Barrett, tagapagsalita sa kalusugan at nutrisyon
- Suresh Doss, magsusulat tungkol sa pagkain at inumin ng CBC
- Eden Hagos, tagapagtatag ng BLACK FOODIE isang online food platform
- Royce Li, dating Team Canada Pastry Chef at guro sa high school sa Peel District School Board
- Rick Matharu, winner ng ‘Recipe to Riches’, chef, may-ari ng Rick’s Good Eats
- Kiefer Nazareth, digital marketer at tagapagtatag ng Mr. Social Eats
- Haviah Mighty, Polaris Music prize-winning artist
- Kiran Rai, aktor at creative director
- Jason Rosso, chef at may-ari ng J. Red & Co.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Gabay sa Pagkain sa Brampton, [i-click dito](#).

Mga Quote

“Bilang isa sa pinaka-diverse na mga komunidad ng Canada, ang Lungsod ng Brampton ay nag-aalok ng unique na karanasan sa culinary na hitik sa tunay na lasa na may flavour mula sa buong mundo. Tingnan ang aming gabay at saliksikin ang pandaigdigang cuisine, habang ligtas na sinusuportahan ang independiyenteng mga negosyo.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Marami sa mga unang henerasyon na Canadian ay lumaki sa mga pagkaing lutong-bahay, bilang mga magulang ay umaasam ng mga lasa ng tahanan, kasama ang bagong mga flavour sa paligid nila. Ang kombinasyon ng mga flavour ay ang kinunan ng inspirasyon ng darating na mga chef, at sa kasalukuyan ay nasa kamangha-manghang fusion dishes na available sa ating lungsod.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang diverse na populasyon ng Brampton ay ipinagmamalaking ibahagi ang kanilang natatanging mga lasa sa buong mundo. Ang Brampton ay tahanan ng maraming talented na mga chef, naghihikayat sa kanilang pinagmulang kultura para makalikha ng inobatibong dishes. Saliksikin ang ating gabay at maaari kayong makahanap ng bagong lokal na paborito!”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic at tahanan ng ikasiyam na pinakamalaking populasyon sa Canada na may higit sa 700,000 tao, na bumubuo sa ating masiglang komunidad. Ang pagkakaiba-iba na ito ay inilalarawan sa available na mga cuisine sa buong Lungsod at ikinagagalak naming ialok ang bagong gabay na ito na nagpapahintulot sa ating mga residente na saliksikin ang pandaigdigang mga lasa habang sinusuportahan ang lokal.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

MGA KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca